



Republic of the Philippines
CIVIL SERVICE COMMISSION

Serbisyo Sibil: Isang Daang Taong Paglilingkod

MC No. 17, s. 2000

MEMORANDUM CIRCULAR

T O : ALL HEADS OF DEPARTMENTS, BUREAUS, OFFICES AND AGENCIES OF THE NATIONAL AND LOCAL GOVERNMENTS INCLUDING GOVERNMENT-OWNED AND CONTROLLED CORPORATIONS WITH ORIGINAL CHARTER AND STATE UNIVERSITIES AND COLLEGES

SUBJECT: *Government-wide Observance of the Philippine Civil Service Centennial Day on September 19, 2000*

September 19, 2000 has been declared "Centennial Day of the Philippine Civil Service" by virtue of Presidential Proclamation No. 313 dated May 22, 2000. Relatedly, the Civil Service Commission issued MC No. 9, s. 2000 which enjoins the nation-wide observance of the Philippine Civil Service Centennial.

In commemoration of this significant event in the history of the Philippine Civil Service, the entire bureaucracy will hold a simultaneous program where the centennial prayer will be recited and the oath of office will be reaffirmed simultaneously nation-wide on September 19, 2000. The program shall start at 8:00 a.m. and shall uniformly follow the activities indicated below:

- ***Panalangin Para sa Sandaang Taon ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas***
(Centennial Prayer)
- ***Pambansang Awit ng Pilipinas***
- ***Panunumpa ng Lingkod ng Bayan sa Bagong Milenyo***
(Reaffirmation of the Oath of Office)
- ***Mensahe***
- ***Awit ng Serbisyo Sibil***

It is suggested that the head of agency be the administering official to lead the reaffirmation of Oath of Office and deliver the message for the event. The agency head may assign a working group to oversee this program to ensure total participation of agency officials and personnel. It is advisable to wear Filipiniana attire to fit the occasion.

Copies of the "*Panalangin*" and "*Panunumpa*" are attached for dissemination to agency personnel.

Your usual support and cooperation in this undertaking is hereby enjoined.


CORAZON ALMA G. DE LEON
Chairman

01 September 2000

cab/tcirco
OAC-F

PANUNUMPA NG LINGKOD NG BAYAN SA BAGONG MILENYO

Ako'y Lingkod ng Bayan

Ang paglilingkod sa mamamayan ay aking katungkulan.
Bilang pagtupad, Aking isasaisip na ang kapakanan ng buong bansa
ay nakasalalay sa taos-puso, tapat at mahusay na pagtupad sa tungkulin ng
mga kapwa kong naglilingkod sa pamahalaan.

Tutuparin ko nang may higit na husay at katapatan
ang tungkuling nakaatang sa akin.
Hindi ko gagamitin ang aking posisyon upang
magsamantala o pagbigyan ang pansariling interes,
Ako'y magsisiwalat nang ano mang
kasamaan o katiwalian na aabot sa aking kaalaman

Magsisilbi ako ano mang oras kung kinakailangan at
ituturing kong gintong butil ang bawat sandali na
gagawing kapaki-pakinabang at hindi sasayangin.

Ako ay tutulong na mapalaganap ang kaayusan
at kapayapaan sa ating pamahalaan
at magiging halimbawa ako ng isang mamamayang
masunurin sa batas at alituntunin na pinairal
sa alin mang tanggapan.

Patuloy kong dadagdagan ang aking kaalaman
upang walang tigil na mapaunlad ang uri ng
serbisyo na aking inihahandog sa mamamayan.
Sapagkat higit sa lahat **MAMAMAYAN MUNA,**
HINDI MAMAYA NA.

KASHIHAN NAWA AKO NG DIYOS.

PANALANGIN
PARA SA SANDAANG TAON NG SERBISYO SIBIL NG PILIPINAS

MAKAPANGYARIHANG DIYOS ANG KADAKILAAN NG IYONG
MGA LIKHA AY NAMAMAYANI SA SANSINUKOB.
ANG KAGANDAHAN NG MUNDO NA IYONG IPINAGKALOOB
AY NAGBIBIGAY SA AMIN NG KABABAANG-LOOB HABANG
KAMI AY NAGSUSUMIKAP NA MAMUHAY AYON SA IYONG
KALOOBAN KAMI AY DUMUDULOG SA IYO NANG MAY
PASASALAMAT AT PAGPUPURI SA PAGDIRIWANG NG
IKA-ISANG DAANG TAON NG SERBISYO SIBIL NG PILIPINAS.

PINASASALAMATAN KA NAMIN MAKAPANGYARIHANG DIYOS
SA AMING MGA PINUNO NA NAGBIBIGAY LIWANAG AT GABAY
PARA SA BUROKRASYA.
SALAMAT DIN PO SA MGA KAWANI NG PAMAHALAAN NA
NAGHAHANDOG NG KANILANG SARILI NANG WALANG
PAG-IIMBOT UPANG MAIANGAT ANG ANTAS NG PAMUMUHAY
NG KAPWA PILIPINO.
SALAMAT PO SA MGA MAMAMAYAN NA AMING PINAGLILINGKURAN,
NA PATULOY NA NANINIWALA SA AMIN SA KABILA NG AMING
MGA PAGKUKULANG.

PATAWARIN PO NINYO KAMI SA AMING PAGLABAG SA IYONG
MGA SALITA, SA MGA KARUPUKAN AT KAHINAANG
IPINAMALAS NAMIN SA MGA NAGDAANG TAON.
SA MGA ORAS NA KAMI AY LUMIHIS SA MAKATUWIRANG
LANDAS NA NAUUKOL SA KAWANI NG PAMAHALAAN.

MAY MGA KALALAKIHAN AT KABABAIHANG NAUNA SA
AMIN, NA UMUKIT NG PATUTUNGUHAN NG AMING BANSA
AT MAMAMAYAN HABANG ANG NAG-AAPOY NA TANGLAW
NG SERBISYO PUBLIKO AY NAGPAPALIPAT-LIPAT SA BAWAT
SALIN-LAHI.
IDINADALANGIN NAMIN O DIYOS NA IKINTAL MO SA AMIN
ANG ALAB NG PAGLILINGKOD SA MGA MAMAMAYAN.
BIYAYAAN MO PO KAMI NG KATIBAYAN NG LOOB AT
MARUBDOB NA PAGESUNOD SA MGA MORAL NA
PAMANTAYAN UPANG KAMI AY HINDI MANGHINA SA
HARAP NG KASAKUNAAN AT TUKSO.

AMING DIYOS, BIYAYAAN MO PO KAMI, TUWINA, NG PAG-IBIG
AT PAG-ASA UPANG KAMI AY MANATILING MATATAG
SA AMING SINUMPAANG PAGLILINGKOD UPANG HINDI
NAMIN KAILANMAN IPAGWALANG-BAHALA ANG ATAS
NA IYONG IPINAGKATIWALA SA AMIN NANG SA GAYON
ANG SERBISYO PUBLIKO SA AMING BAYAN AY LAGING
MAGNINGNING BILANG PATIBAY NG IYONG BANAL NA
PANGALAN.

ANG LAHAT PONG ITO AY PARA SA IYONG KALUWALHATIAN,
PANGINOON.